

REGULATING THE DISPOSAL OF DEAD ANIMAL BODIES

BY virtue of the authority conferred upon me as Mayor of the City of Manila, and after consultation with the City Board, it is ordained that:

SECTION 1. It shall be the duty of any person owning or in possession of any dead animal such as horse, cow, carabao, hog, sheep, goat, dog or other four-footed animals (except animals sacrificed for human consumption in public slaughterhouses) to submit a report of its death, within six hours thereafter, either directly to the City Veterinarian, or thru the nearest police station, the police officer receiving such report to transmit the same to the City Veterinarian who shall take immediate steps for its sanitary disposal; and it shall be unlawful for such person or any other person to sell, dispose of, or give away the body of such animal or any part thereof without previous permission of the City Veterinarian.

SEC. 2. Unless otherwise authorized by the City Veterinarian in accordance with the preceding section, the owner or person in possession of a dead animal shall bring the same to the City Pound, or may at his option surrender the same to the City Veterinarian, in which case it shall be brought to the City Pound at his expense.

The owner of the dead animal shall surrender the certificate of ownership covering the same to the Division of Animal and Vehicle Inspection either directly or through the City Veterinarian.

SEC. 3. Any person found in possession of a dead animal without being the lawful owner or possessor thereof or without having submitted the report herein prescribed shall be deemed to have acquired or retained the same for human consumption.

SEC. 4. Any violation of this Ordinance and possession or acquisition of a dead animal for human consumption (except animals sacrificed in public slaughterhouses) shall be punished by a fine of not less than fifty pesos or by imprisonment for not less than thirty days, or both.

SEC. 5. This Ordinance shall take effect on January 9, 1944.

Done in the City of Manila, this 3rd day of December, 1943.

(Sgd.) LEON G. GUINTO
Mayor

NA NAGTATADHANA NG PAMALAKAD SA PAG-PAPASIYA SA BANGKAY NG MGA PATAY NA HAYOP.

SA bisa ng kapangyarihang kaloob sa aking pagk-Alkalde ng Siyudad ng Maynila, at matapos na makasangguni sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos na:

TUNTUNING 1. Tungkulin ng sino mang taong nag-mamay-ari o nag-aangkin ng alin mang patay na hayop na gaya ng kabayo, baka, kalabaw, baboy, tupa, kambing, aso o iba pang hayop na may apat na paa (matangi ang mga hayop na pinatay upang makain ng tao sa mga katayang bayan) na magharap ng isang ulat ng pagkamatay na iyan, sa loob ng anim na oras, maging tuwiran sa Beterinaryo ng Siyudad o sa pamamagitan ng lalong malapit na himpilan ng polisya, kagawad ng polisyang tumatanggap ng nabanggit na ulat upang ipabatid iyan sa Beterinaryo ng Siyudad, na gagawa agad ng hakbang na nauukol sa kalinisan; at magiging labag sa batas sa nasabing tao o sa sino mang ibang tao upang ipagbili, pagpasiyahan o maalis sa kaniya ang bangkay ng nabanggit na hayop o alin mang bahagi niyan nang walang paunang kapahintulutan ang Beterinaryo ng Siyudad.

TUNT. IKA-2. Maliban kung may ibang pahintulot ang Beterinaryo ng Siyudad, sang-ayon sa sinusundang tuntunin, ang may-ari o ang taong nag-aangkin ng isang patay na hayop ay siyang magdadala nito sa City Pound, o kung maibigan naman niya ay ipag-kaloob sa Beterinaryo ng Siyudad, na sa ganyang pangayari ay dadalhin niya sa City Pound sa kaniyang gugol.

Ipagkakaloob ng may-ari ng patay na hayop ang katibayan sa pagmamay-aring nauukol diyan sa Pangkat ng pagsusuri sa Hayop at Sasakyen, maging sa tuwiran o sa pamamagitan ng Beterinaryo ng Siyudad.

TUNT. IKA-3. Sino mang taong matagpuang nag-aangkin ng isang patay na hayop nang hindi siya ang tunay na may-ari o dapat mag-angkin niyan o hindi naghaharap ng ulat na itinatakda rito ay ipalalagay na kaniyang natamo o pinipigil iyan upang ipakain sa tao.

TUNT. IKA-4. Alin mang paglabag sa Kautusang ito at ang pag-aangkin o pagkuha ng isang patay na hayop upang kanin ng tao (maliban ang mga hayop na pinatay sa pakatayang bayan) ay parurusahan ng isang multang hindi kukulangin sa limampung piso o ng pagkabilanggong hindi kukulangin sa tatlumpung araw, o ang magkalakip na parusa.

TUNT IKA-5. Ang Kautusang ito ay magkakabisa sa ika-9 ng Enero, 1944.

Inilagda sa Siyudad ng Maynila, ngayong ika-3 araw ng Disyembre, 1943.

(May lagda) LEON G. GUINTO
Alkalde